# Philippine Biblical Worldview Institute
## Certificate in Christian Ministries

## 1200 Spiritual Warfare ©
**Conrad Jun Tolosa**
Revised November 4, 2021

### Tatlong Kaaway ng Cristiano
### SW1204. Ang Diablo

*Si Lucifer*. Isang anghel sa langit na tinawag na *Bituin ng Araw* ang nagsabi sa kanyang puso na aakyat siya sa langit na lampas pa sa mga bituin ng Diyos. Sinabi niya na itatatag niya ang kanyang trono sa itaas, at siya ay uupo sa bundok ng kapulungan sa kalayuan ng hilaga, at aangat siya sa ibabaw ng mga alapaap. Sinabi pa niya na gagawin niya ang kanyang sarili na tulad ng Kataas-taasan. Subalit siya ay ibinagsak sa Sheol, sa kababa-babaan ng hukay.

Ang anghel na ito ay ang dating singsing ng perfection, puspos ng karunungan at perfect sa kagandahan. Naroon siya sa Eden, sa hardin ng Diyos, mahahalagang hiyas ang kanyang panaklob. Ganito ang pagkahanda sa kanya sa araw nang siya ay likhain. Siya ay isang *anointed guardian cherub*. Iniluklok siya ng Diyos sa kanyang banal na bundok, kalagitnaan ng nagliliyab na bato ang kanyang nilalakaran. Walang maipipintas sa kanyang gawi mula ng araw na siya ay likhain, hanggang sa nakitaan siya ng hindi matuwid.

Dahil sa ang ibig sabihin ng pangalan ng anghel na ito ay tagadala ng liwanag, siya ay kinilalang Lucifer; ang anghel ng liwanag na naging hari ng kadiliman. Nasasalaysay ang kanyang ginawang pagrerebelde sa Revelation 12:7-9:

> *Nagkaroon ng paghihimagsik sa langit. Sina Michael at ang kanyang mga kasamahang anghel ay nakipaglaban sa dragon at mga kampon nito. Sila ay naglabanan at natalo ang dragon at kanyang mga kampon, at sila ay hindi pinayagang manatili sa langit.*
>
> *Ang dragon, yaong sinaunang ahas, na tinatawag na diablo at Satanas, ang manlilinlang sa buong sanlibutan - ay tinapon sa lupa kasama ang kanyang mga kampon.*

Ang ibig sabihin nito ay walang lugar ang kasalanan sa langit. Walang lugar sa langit ang mga nagnanais na maging katulad ng Panginoong Diyos. Kaya puwersahang ibinato sa lupa ang mga rebelde. At sa lupa ipinagpatuloy ni Satanas ang kanyang paghihimagsik.

Si Lucifer, ang *light bearer* ay naging si Satanas ang pinaka-hari ng mga demonyo at evil forces sa heavenly realms. Ang kasalanan ay nagsimula sa kanyang puso (Isaiah 14:12-15; Ezekiel 28:11-15) Siya ay makapangyarihang kaaway ng katotohanan, kabutihan at katuwiran.

Sa pakikibakang espiritual mahalaga na makilala natin ang ating sarili – ang ating kalikasan, kalakasan, kahinaan at ang ating mapaglinlang na puso kung saan ang labanan ay nagaganap. Mahalaga rin na makabisado natin ang mundo – ang teritorio ni Satanas at ng kanyang mga kampong demonyo – kung saan ating isinasagawa ang ating misyon; kung paano ang mundo ay umiikot at tumatakbo; kung ano ang mga Sistema na nagpapagalaw dito. At mahalaga rin na makilala natin ang di-nakikitang kapangyarihan sa likuran ng napagmamasdang mundong material.

*Mga Tawag kay Satanas*. Marami tayong matututuhan tungkol kay Satanas sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga pangalan na ginamit ng Bibliya sa paglalarawan sa kanya. Ating isa-isahin ang mga ito:

1. *Adversary*. Si Satanas, ayon sa 1 Peter 5:8, ay ating kaaway. Siya ay parang isang leon na umaatungal, naghahanap kung sino ang kanyang malalapa. Huwag tayong magkakamali, si Satanas ay walang patawad. Hindi ka niya iiwan sa labanan nang hindi bugbog-sarado. Ibig sabihin, hindi ka na kagamit-gamit sa pagsusulong ng kaharian ng Panginoong Jesus.

2. *God of this world and deceiver*. Nakikilala rin si Satanas bilang diyos ng mundong ito at manlilinlang. Siya ang bumubulag sa isipan ng mga non-believers upang di nila makita ang liwanag ng gospel ng kaluwalhatian ni Cristo (2 Corinthians 4:4, Revelation 20:10). Sinasabi sa John 12:31, 14:30, 16:11 at 1 John 5:19 na si Satanas ang prinsipe ng mundong ito at ang buong mundo ay nasa ilalim ng kanyang control.

3. *Angel of light*. Ayon sa 2 Corinthians 11:14, si Satanas ay mayroon ding kakayahan na magbalatkayo bilang anghel ng liwanag. Tandaan natin na bago mahulog sa kasalanan si Lucifer, siya ay perfect in beauty at nababalot sa lahat ng uri ng mayayamang hiyas. Siya ay hindi tulad ng pagsasalarawan na ginawa noong unang panahon na kulay pula, may sungay, may buntot at may hawak na pitchfork. Hindi rin siya mukhang monster. Kaya niya magpanggap na isang charismatic at magandang leader o celebrity na magaling mang-akit para mailayo niya ang mananampalataya sa katotohanan.

4. *Schemer*. Inuutusan tayo ni Apostol Pablo sa Ephesians 6:11 na isuot natin ang buong armor ng Diyos upang tayo ay maging matatag laban sa mga plano ni Satanas na namumuno sa mga may kapangyarihan sa kaharian ng kadiliman. Lagi nating isaisip na hindi umaatake si Satanas nang hindi naaayon sa kanyang pinag-isipang plano. Kaya sa gitna ng labanan dapat lamang nating itanong sa ating sarili, *Ano ang plano ng kaaway?*

5. *Devil.* Tinawag si Satanas na devil sa James 4:7. Ang turo sa atin ni James patungkol sa ating pakikipagtunggali sa diablo ay pasakop tayo sa Diyos at pagkatapos ay palagan natin siya (suot ang armor ng Diyos) at tiyak na aatrasan ka niya.

6. *Murderer and father of lies*. Sa John 8:44 tinawag ni Jesus ang mga bumabatikos sa kanya na mga anak ng diablo na ang naisin ay isagawa ang mga kagustuhan ng kanilang ama. Sinabi ni Jesus na sa simula pa lang, ang diablo ay mamamatay-tao na; hindi nagsasabi ng katotohanan sapagkat walang katotohanan na matatagpuan sa kanya; na kapag siya ay nagsinungaling, ito ay natural lamang sa kanyang pananalita sapagkat siya ay sinungaling at ama ng kasinungalingan.

7. *Slanderer*. Ang paninirang-puri ay ugali rin ni Satanas. Matutunghayan natin sa Jude 1:9 ang pagtatalo ni Archangel Michael (ang pinuno ng hukbong tumalo kay Satanas nang ang rebeldeng ito ay namuno ng himagsikan sa langit) at ng diablo. Pinagtatalunan nila ang katawan ni Moses. Bagamat puro paninira ang ginagawa ng diablo hindi siya inakusahan ni Michael nang ganoon kundi ang tanging sinabi ng archangel ay, *Sawayin ka ng Panginoon.* Paala-ala sa atin na huwag nating kalimutan na ang Panginoon ang ating kalakasan.

*8. Tempter.* Si Satanas ay tinawag ding manunukso sa Matthew 4:3 nang subukan niya na pasunurin si Jesus nang ang Panginoon ay nasa ilang matapos ang 40 days and 40 nights of fasting. Sa panunukso magaling ang nilalang na ito. Nagtagumpay siya sa ginawa niyang panunukso kay Eba sa hardin ng Eden. Ang gawaing ito ang ginagamit ni Satanas laban sa mananampalataya – ang manukso. Hindi niya kaya na ipagawa kanino man na suwayin ang kalooban ng Diyosy. Ang kasalanan ay nagmumula sa puso ng

nagkakasala. Ang kayang gawin ni Satanas ay patungan ng pabigat ang tao upang siya ay magdesisyon na suwayin ang kalooban ng Diyos.

9. The Evil One. God is *good*, si Satanas ay *evil.* Ang salitang *evil* ang kabaliktaran ng salitang *good*. Sa madali't sabi si Satanas at ang lahat ng kanyang kampon ay ang anti-God; ang anti-Christ. Huwag tayong magtaka na may mga tao na malayang pumipila na sumunod kay Satanas kaysa sumunod sa Diyos. Sinabi ni Apostol Juan na noong panahon pa nila ay marami ng anti-Cristo (1 John 2:18); mga dati nilang kasamahan subalit tumiwalag din sapagkat sila ay hindi tunay na Cristiano. Ang mga anti-Cristong ito ang ginagamit ni Satanas upang manghila sa mga mananampalataya at lumayo sa iglesya. Sobrang lakas ng hatak ni Satanas na kinakailangan ng mga mananampalataya na palagiang ipanalangin na sila ay itawid ng Diyos sa mga panunukso ng diablo (Luke 11:1-4).

*Ang objectibo ni Satanas*. Isa lamang ang tanging layunin ni Satanas - total control ng universe. Kahit sumabog ang rebelyon niya sa langit nasaksihan natin sa Genesis 3 na pinagpatuloy niya ang kanyang pagrerebelde. Napaglinlangan niya ang tao na binigyan ng Diyos ng karapatang mamahala ng kanyang creation. Dahil napailalim ang tao sa kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan, kayang-kaya ni Satanas na paikutin ang isipan ng mga masalanang tao. Ang mga bagay na espiritual ay naging kalokohan sa utak ng tao (1 Corinthians 2:14). Sa katunayan naging sunod-sunuran lang kay Satanas ang mga makasalanan sa dominyon ng kadiliman.

Napaka-experto ni Satanas sa panlilinlang na pati ang kanyang sarili ay napapaniwala niya na mayroon pa ring tagumpay ang kanyang pagrerebelde sa kaharian ng Panginoong Jesus. Kaya, ang objectibo ni Satanas, generation after generation, ay ang hadlangan ang pagsusulong ng kaharian ng liwanag. Pipigilan niyang mabigo ang mga alagad ni Cristo na matagpuan ang mga nawawalang tupa ng mabuting pastor. Alam niya na ipinagkatiwala ng Panginoong Jesus ang paghahanap ng mga nawawala Niyang tupa at gawin silang mga alagad ng Kanyang kaharian. Kaya walang hinto at pagpapagara ang ginagawa niyang entertainment at mas exciting na mga sports events na masasaksihan na ngayon kahit sa cell phone. Kaya naman pahaba nang pahaba ang oras na inuukol maski ng mga mananampalataya sa kanilang cell phone. Facebook. Youtube.

**SW1202-1204. Tatlong Kaaway**

**I. Multiple choice**

1. Ano ang madalas na sagot sa tanong na kung sino ang kaaway ng Cristiano?
    a. I, me and myself
    b. Sinful nature, ang mundo at si Satan
    c. Si satan

2. Nananahan sa puso ng tao ang kanyang
    a. desires, intellect, emotion at will.
    b. intellect, emotion at will.
    c. desires, emotion at will.

3. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
    a. Inilagay ng Diyos sa puso ng tao ang eternity kaya malalaman niya kung ano ang gingawa ng Diyos mula sa simula hanggang sa wakas.
    b. Ang gawa ng kautusan ay nakasulat na sa puso ng tao na nagsisilbing consensya na nag-aakusa sa kanya kapag siya'y nagkakasala.
    c. None of the above

4. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
    a. Lahat ng tao ay ipinanganak na makasalanan, patay sa Espiritu at kapos sa kaluwalhatian ng Diyos.
    b. Ang mga makasalanang tao na nagtiwala sa salita ng Diyos ay hindi na kapos sa kaluwalhatian ng Diyos.
    c. None of the above

5. Ang bakbakan sa loob ng puso ng tao ay tungkol sa
    a. Truth versus lies
    b. Good versus evil
    c. Right versus wrong
    d. Strongest desire na isasakatuparan ng kanyang kalooban
    e. All of the above

6. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
    a. Ang desire to worship God ay napalitan ng worship of self.
    b. Ang magbunga at magparami ay napalitan ng abortion.
    c. Ang lupigin ang lupa ay napalitan ng pag-aari ng mas malawak na lupain.
    d. Ang pamamahala ng mga isda, ibon at mga hayop ay napalitan ng kapangyarihang mapagharian ang mundo.
    e. None of the above

7. Ang tawag sa mga tao na nagsasabing walang Diyos ay
    a. Hangal
    b. Marunong
    c. Matalino

8. Sa Genesis 6, si ________________ lang ang binanggit na matuwid na tao.
    a. David
    b. Solomon
    c. Noah

9. Sino ang itinuturing na mga disipulo ni Cristo sa John 8:31-32?
    a. Ang mga tao na sumusunod sa Kaniya
    b. Ang mga tao na pinanghahawakan ang Kanyang salita
    c. All of the above

10. Dahil sa laki ng pag-ibig sa atin ng Diyos na mayaman sa habag,
    a. Tayo ay Kanyang binuhay kay Cristo maski tayo ay patay pa sa kasalanan
    b. Tayo ay iniligtas sa pamamagitan ng biyaya.
    c. All of the above

11. Ano ang strongest desire sa puso ng tao na kanyang isasakatuparan?
    a. Kung ano ang pinaniniwalaan niyang mabuti at tama
    b. Kung ano sa palagay niya ang makapagbibigay sa kanya ng kasiyahan
    c. All of the above

12. Ang mga tupa ay isinugo ni Cristo sa
    a. Probinsya
    b. Entertainment places
    c. Mundo

13. Bagamat inilipat na sa kaharian ni Cristo ang mga mananampalataya, sila ay isinugo pa rin sa mundo upang
    a. Magpakasaya kasama ang mga kaibigan
    b. Hanapin ang mga nawawalang tupa ni Cristo
    c. Patuloy na mag-attend sa church

14. Upang maikubli ni Satan ang mga kasuklam-suklam na nagaganap sa mundo,
    a. Pinupuno niya ang oras at interes ng tao sa mga entertainment
    b. Pinagliliwanag niya ang mga success and fame stories ng ibang tao
    c. Hinihikayat niya ang tao na magkamal pa ng maraming pera
    d. All of the above

15. Sa spiritual warfare, alalahanin natin na
    a. Ang Diyos ang nasa unahan ng ating pakikipaglaban
    b. Kayang-kaya nating talunin anuman ang makaharap natin
    c. Kailangan natin ng sariling sikap upang magwagi sa ating kalaban.

16. Nagkaroon ng paghihimagsik sa langit sapagkat ninais ni Michael na sumanib kay Lucifer at ang kanyang mga kampon.
    a. True
    b. False

17. Sa pakikibakang espiritual, mahalagang
    a. Makilala natin ang ating sarili
    b. Makabisado natin ang mundo na teritorio ni Satanas
    c. Malaman natin ang sistemang nagpapagalaw sa mundo
    d. Makilala ang kapangyarihan na nagpapagalaw sa mundo
    e. All of the above

18. Si Satan ay kinilala sa pangalang ________________________ na ang ibig sabihin ay ating kaaway.
    a. deceiver
    b. Lucifer
    c. Adversary

19. Si Satan ay kilala rin sa pangalang _____________________ sapagkat siya ay magaling magplano kung paano aatakihin ang mananampalataya.
    a. Skimmer
    b. Schemer
    c. All of the above

20. Sa James 4:7, si satan ay tinawag na ________________ na dapat nating palagan upang tayo ay layuan.
    a. Evil
    b. Devil
    c. All of the above

21. Si satan ay kinilala ring ____________________ sapagkat natural sa kanyang pananalita ang kasinungalingan.
    a. Father of lies
    b. Father of lice
    c. Father of likes

22. Si satan ay tinawag din na __________________ nang subukan niyang pasunurin ang Panginoong Jesus na nasa ilang matapos ang 40 days and 40 nights of fasting.
    a. Tempter
    b. Temper
    c. All of the above

23. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang hindi tama?
    a. Nagtagumpay si Satanas nang tuksuhin niya si Eba sa Hardin ng Eden.
    b. Nakakaya ni Satanas na ipagawa kanino man na suwayin ang kalooban ng Diyos.
    c. Ang kasalanan ay nagmumula sa puso ng nagkakasala.

24. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
    a. God is good and Satan is evil.
    b. Sa ating pananalangin, hinihiling natin sa Diyos na itawid tayo sa panunukso ng diablo.
    c. Ang mga anti-Cristo ay nakasusunod pa rin sa kalooban ng Diyos.

25. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
    a. Ang layunin ni Satan ay ang total control sa universe.
    b. Dahil sa kapangyarihan ng kasalanan, kayang paikutin ni Satanas ang isipan ng makasalanang tao.
    c. Ang mga bagay na espiritual ay maaaring maunawaan ng lahat ng tao.

**II. Short Essay (250 words – 20 points)**

Paano ka nakararanas ng spiritual na pakikibaka sa araw-araw?

© Revised: November 4, 2021 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.